# Para Sa Masa

## Eraserheads

ito ay para sa mga masa
sa lahat ng nawalan ng pag-asa
sa lahat ng ng aming nakasama
sa lahat ng hirap at pagdurusa
naaalala niyo pa ba
binigyan namin kayo ng ligaya
ilang taon na rin ang lumipas
mga kulay ng mundo ay kumupas
marami na rin ang mga pagbabago
di maiiwasan 'pagkat tayo ay tao lamang
mapapatawad mo ba ako
kung hindi ko sinunod ang gusto mo
la la la la la la la la. . . . . .
pinilit kong iahon ka
ngunit ayaw mo namang sumama
ito ay para sa mga masa
sa lahat ng binaon ng sistema
sa lahat ng aming nakabarkada
sa lahat ng mahilig sa labsong at drama
sa lahat ng di marunong bumasa
sa lahat ng may problema sa 'skwela
sa lahat ng fans ni Sharon Cuneta
sa lahat ng may problem sa pera
sa lahat ng masa
huwag mong hayaang ganito
bigyan ang sarili ng respeto

Lyrics provided by
https://damnlyrics.com/